

MGA MAPAGKUKUNAN



- Para sa mas marami pang impormasyon sa mga maskara kabilang ang mga respireytor (respirator) bisitahin ang <http://ph.lacounty.gov/masks>.
- Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa bayad na bakasyon bisitahin ang: <https://www.dir.ca.gov/dlse/Comparison-COVID-19-Paid-Leave.html>.
- Kung nawalan ka ng trabaho o nabawasan ang iyong oras dahil sa COVID-19, maaari kang maging karapat-dapat sa mga benepisyo ng Seguro (insurance) ng pagkawala ng trabaho. Para mag-apply, bisitahin ang: https://www.edd.ca.gov/about_edd/coronavirus-2019/workers.htm
- Para sa impormasyon sa karagdagang benepisyo ng bakasyon na inisponsor ng mga amo (employer) at gobyerno na maaaring may karapatan kang matanggap, bisitahin ang <https://www.saferatwork.la/employees>
- Para sa mas marami pang impormasyon tungkol sa kung paano maghain ng reklamo sa Cal/OSHA, bisitahin ang: <https://www.dir.ca.gov/covid/workplace-issues.html>.

PAYO SA MGA HINDI PA NABAKUNAHANG MANGGAGAWA



Kung hindi ka pa nabakunahan, gawin ang mga sumusunod na hakbang para protektahan ang iyong sariling habang nasa trabaho:

1. Humingi ng respireytor (respirator) sa iyong amo (employer). Isuot ito sa lahat ng oras habang ikaw ay nasa paligid ng iba sa loob, o habang nakasakay sa sasakyan kasama ang iba. Dapat mo ring isuot ito kapag ikaw ay nasa labas kung hindi ka makalayo ng 6 na talampakan mula sa iba. Kung ang pagsusuot ng respireytor (respirator) ay hindi para sa iyo, subukan ang “[dobleng pagmamaskara](#)” (pagsusuot ng telang maskara sa mukha sa ibabaw ng maskarang pang-opera).
2. Magpanatili ng anim na talampakang layo mula sa iba kung pinahihintulutan ito ng mga kondisyon sa iyong trabaho.
3. Sa oras ng pahinga, kapag dapat mong tanggalin ang iyong maskara para kumain o uminom, subukang gawin ito sa labas. Mas mainam ang kumain sa labas kaysa sa loob. Magpanatili ng 6 na talampakang distansya mula sa iba kapag di suot ang iyong maskara maliban kung alam mong ganap na silang nabakunahan.
4. Hugasan ang iyong mga kamay bago kumain at uminom gamit ang sabon at tubig o maglagay ng sanitizer sa kamay. Iwasang hawakan ang iyong mukha.
5. Buksan ang mga bintana at pintuan sa lugar ng iyong trabaho kung ligtas itong gawin. Nakakatulong ang sariwang hangin para mabawasan ang maliliit na patak sa hangin, binabawasan ang panganib ng pagkakaroon ng COVID-19.



Kaligtasan sa COVID-19: Mga Karapatan ng Manggagawa sa California

Ang iyong amo (employer) ay dapat gumawa ng mga hakbang para protektahan ka sa COVID-19. Alamin ang iyong mga karapatan.

Los Angeles County
Department of Public Health
www.publichealth.lacounty.gov
7/22/21 (Tagalog)



PAGSASANAY NG EMPLEYADO



Ang iyong amo (employer) ay dapat na may plano upang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19 sa lugar ng trabaho. Dapat nilang ibigay sa lahat ng manggagawa ang pagsasanay sa kanilang plano para pigilin ang COVID-19 at kanilang mga karapatan sa ilalim ng mga panuntunan ng estado ng [Cal/OSHA](#)

PERSONAL NA PAMPROTEKTANG KAGAMITAN (O “PPE”)



- Ang lahat ng manggagawa, nabakunahan man o hindi, ay dapat na magsuot ng maskara sa mukha habang nagtatrabaho sa loob o kapag nakasakay sa isang pinagsasaluhang sasakyan. Hindi ka maaaring dismayahin o gantihan ng iyong amo (employer) sa pagsusuot ng maskara habang nasa trabaho. Ang ilang manggagawa ay maaaring hindi saklaw ng pagsusuot ng maskara sa mga partikular na sitwasyon kung ang ibang hakbang pagkaligtasan ay naisaayos na.
- Kung ikaw ay hindi pa nabakunahan, may karapatan kang humingi sa iyong amo (employer) ng isang respireytor (respirator) tulad ng maskara na N-95. Mas mahusay ang proteksyon ng mga respireytor (respirator) kaysa sa mga regular na telang maskara
 - Ang iyong amo (employer) ay kailangang bigyan ka ng tamang sukat ng respireytor (respirator), at dapat kang tumanggap ng tagubilin kung paano ito wastong isuot, upang makakuha ka ng mabuting “pagkakaselyo” o pagkasya.
 - Ang iyong respireytor (respirator) ay dapat na palitan kung ang ito ay mapipinsala, mabago ang anyo (deformed), madudumihan, o mahirap hingahan. Sa pangkalahatan, dapat mong palitan ang iyong respireytor (respirator) sa simula ng bawat oras ng trabaho. Inirerekomenda ng CDC na palitan ang iyong respireytor (respirator) pagkatapos itong isuot at tanggalin ng limang beses.

ORAS AT MATERYALES PARA SA PAGHUHUGAS NG KAMAY



- Ang mga amo (employer) ay dapat na maglagay ng mga istasyon sa paghuhugas ng kamay na naimbakan ng sabon at tubig at/o sanitizer sa kamay. Dapat silang nakapuwesto sa iyong lugar ng trabaho at sa anumang sasakyan na sinasakyan mo.
- Dapat ring magbigay ng sapat na oras ang mga amo (employer) sa iyong araw ng trabaho para maglinis ng kamay.

PAGSUSURI SA COVID-19



Ang mga amo (employer) ay dapat na mag-alok ng libreng pagsusuri at sa oras ng trabaho, sa sinumang manggagawa na maaaring nalantad sa COVID-19 sa trabaho. Kung hindi ka pa nababakunahan, ang iyong amo (employer) ay dapat na mag-alok ng pagsusuri sa iyo kung mayroon kang mga sintomas, hindi mahalaga saan mo man maaaring nakuha ang COVID-19.

BAYAD NA BAKASYON



- Ang iyong amo (employer) ay dapat na bayaran ka sa hindi pagpasok kung ikaw ay sinabihang manatili sa bahay mula sa trabaho dahil nagkaroon ka ng COVID-19 o nalantad sa COVID-19 habang nasa trabaho. Dapat ka nilang bayaran sa regular mong sahod sa oras na ikaw ay inatasan na manatili sa bahay.
- Maaari ka ring makakuha ng bayad na oras mula sa trabaho para magpabakuna sa COVID-19, upang gumaling mula sa mga sintomas na kaugnay ng bakuna, o kung kailangan mong alagaan ang isang miyembro ng pamilya na may COVID-19 o kailangang ikulong (quarantine).

ANO ANG MAAARI KONG GAWIN KUNG MAYROON AKONG MGA PAG-AALALA SA KALIGTASAN KAUGNAY NG COVID-19 SA TRABAHO?



- Maaari kang makipag-usap sa kinatawan ng iyong unyon.
- Maaari kang maghain ng reklamo sa Cal/OSHA sa pamamagitan ng pagtawag sa 833-579-0927.
- Maaari kang maghain ng reklamo sa Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 888-700-7995. Maaari kang maghain ng iyong reklamo nang hindi nagpapakilala.

Alamin ang iyong mga karapatan.

7/22/21 (Tagalog)

